# HINGGIL SA MGA TAKTIKA LABAN SA IMPERYALISMONG HAPONES

*Disyembre 27, 1935*

[Ang ulat na ito ay binigkas ni Kasamang Mao Zedong sa kumperensya ng mga aktibista ng Partido na ginanap sa Wayaopao, hilagang Shensi, pagkatapos ng pulong sa Wayaopao ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral noong Disyembre 1935. Sa pulong na ito, na isa sa mga pinakaimportanteng pulong na naipatawag na ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina, pinuna ang maling pananaw sa loob ng Partido na ang pambansang burgesya ng Tsina ay hindi maaaring maging alyado ng mga manggagawa't magsasaka sa paglabang komun sa Japan, at pinagpasyahan ang mga taktika ng isang pambansang nagkakaisang prente. Batay sa mga desisyon ng Kawanihang Pampulitika, detalyadong ipinaliwanag ni Kasamang Mao Zedong ang posibilidad at kahalagahan ng muling pagtatatag ng nagkakaisang prente kasama ang pambansang burgesya sa kondisyong dapat magtanggol laban sa Japan. Binigyang diin niya ang mapagpasyang kabuluhan ng namumunong papel na gagampanan ng Partido Komunista at Pulang Hukbo sa nagkakaisang prenteng ito. Ipinakita niya ang pagiging matagalan ng rebolusyong Tsino at pinuna ang kakitirang isip ng pagsasara ng pinto at ang sobrang pagpapadalus-dalos kaugnay ng rebolusyon na matagal nang umiiral sa loob ng Partido at naging batayang dahilan ng malulubhang setbak ng Partido at ng Pulang Hukbo sa panahon ng Ikalawang Rebolusyonaryong Gerang Sibil. Kasabay nito, tinawag niya ang pansin ng Partido sa istorikong mga aral ng pagkatalo ng rebolusyon noong 1927 dahil sa Kanang oportunismo ni Chen Duxiu at ipinakita niya na tiyak na tatangkain ni Chiang Kai-shek na papanghinain ang mga pwersa ng rebolusyon. Sa gayon, hinayaan niya ang Partido na panatilihing malinaw ang isip sa bagong sitwasyon at iligtas ang mga pwersa ng rebolusyon sa mga pagkatalo sa kabila ng walang katapusang mga intriga at maraming armadong pagsalakay ni Chiang Kai-shek. Noong Enero 1935, sa isang pinalaking pulong ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral na tinipon sa Tsunyi, Probinsya ng Kweichow, binuo ang bagong pamunuan ng Komite Sentral sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong kapalit ng dating "Kaliwang" oportunistang pamunuan. Gayunman, dahil ang pulong na iyo'y naganap noong *Long March* ng Pulang Hukbo, nalimita ito sa mga desisyon sa mahihigpit na usaping militar at sa pag-oorganisa ng Kalihiman at ng Rebolusyonaryong Komisyong Militar ng Komite Sentral. Nang makarating na sa hilagang Shensi ang Pulang Hukbo pagkatapos ng *Long March*, noon lamang naging posible para sa Komite Sentral ng Partido na sistematikong harapin ang iba't ibang usapin sa taktika sa larangan ng pulitika. Nagbibigay si Kasamang Mao Zedong sa ulat na ito ng isang napakakomprehensibong pagsusuri sa mga usaping iyon.]

## ANG MGA KATANGIAN NG KASALUKUYANG SITWASYON SA PULITIKA

Mga kasama! Nagaganap ngayon ang isang malaking pagbabago sa sitwasyon sa pulitika. Itinakda ng ating Partido ang mga tungkulin nito batay sa nagbagong sitwasyong ito.

Ano ang kasalukuyang sitwasyon?

Ang pangunahing katangian nito ay nais gawing kolonya ng imperyalismong Hapones ang Tsina.

Batid nating lahat na sa nakaraang halos sandaang tao'y naging isang bayang malakolonyal ang Tsina na sama-samang dinomina ng iba't ibang imperyalistang kapangyarihan. Dahil sa pakikibaka ng sambayanang Tsino laban sa imperyalismo at dahil sa mga tunggalian sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan, ang Tsina'y nakapagpanatili ng mala-independyenteng katayuan. Sa ilang panahon, binigyan ng pagkakataon ng Unang Digmaang Pandaigdig ang imperyalismong Hapones na solong dominahin ang Tsina. Gayunman, ang tratadong nagsusuko ng Tsina sa Japan, ang Dalawampu't isang na pinirmahan ni Yuan Shih-kai[2], ang numero unong traydor ng panahong iyon, ay walang salang napawalambisa dahil sa paglaban ng sambayanang Tsino sa imperyalismong Hapones at sa panghihimasok ng ibang imperyalistang kapangyarihan. Noong 1922, pinirmahan sa Kumperensya ng Siyam na Kapangyarihan sa Washington (Washington Nine-Power Conference) na

ipinatawag ng United States ang isang tratado[3] na muling naglagay sa Tsina sa ilalim ng magkasamang dominasyon ng ilang imperyalistang kapangyarihan. Gayunman, di nagtagal, muling nagbago ang sitwasyon. Nagsimula sa Insidente ng Setyembre 18, 1934[4] ang kasalukuyang yugto ng kolonisasyon ng Japan sa Tsina. Dahil pansamantalang nalimita sa apat na probinsya sa hilagang-silangan[5] ang agresyong Hapones, akala ng ilan na malamang na hindi na aabante pa ang mga imperyalistang Hapones. Iba ang kalagayan ngayon. Nagpakita na ang mga imperyalistang Hapones ng kanilang intensyong pasukin ang timog ng *Dakilang Pader (Great Wall)* at sakupin ang buong Tsina. Ngayo'y nais nilang itransporma ang buong Tsina bilang isang kolonyang monopolisado ng Japan mula sa isang malakolonyang pinaghati-hatian ng ilang imperyalistang kapangyarihan. Ang Insidente ng Silangang Hopei[6] at ang mga diplomatikong pag-uusap kamakailan lamang ay malinaw na mga indikasyon ng ganitong tunguhin ng mga pangyayari na nagbabanta sa buhay ng buong sambayanang Tsino. Inihahapag nito sa lahat ng uri at grupong pampulitika sa Tsina ang usapin ng kung ano ang gagawin. Magtanggol? Sumuko? O mag-uurong-sulong?

Tingnan natin ngayon kung paano tumutugon sa usaping ito ang iba't ibang uri sa Tsina.

Ang mga manggagawa at magsasaka ay lahat nananawagan ng pagtatanggol. Pinatutunayan ng rebolusyon ng 1924-27, ng agraryong rebolusyon mula 1927 hanggang sa kasalukuyan, at ng anti-Hapones na sigwa mula pa ng Insidente ng Setyembre 18, 1931, na ang uring manggagawa't magsasaka ang pinakamatatag na mga pwersa ng rebolusyong Tsino.

Nananawagan din ang petiburgesya ng pagtatanggol. Hindi ba't sinimulan na ng mga kabataang estudyante at ng petiburgesyang lunsod ang isang malawak na kilusang anti-Hapones?[8] Lumahok sa rebolusyon ng 1924-27 ang seksyong ito ng petiburgesyang Tsino. Tulad ng mga magsasaka, ang kanilang katayuan sa ekonomya ay maliit na prodyuser at ang kanilang mga interes ay katunggali ng sa mga imperyalista. Pininsala sila nang husto ng imperyalismo at ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa ng Tsina, kung saan marami ang nawalan ng trabaho, nabangkrap at malapit nang mabangkrap. Ngayon, dahil nahaharap sa kagyat na panganib na maging mga alipin ng isang dayuhang bansa, wala silang mapagpipilian kundi lumaban.

Pero paano hinaharap ng pambansang burgesya, uring kumprador at panginoong maylupa at ng Kuomintang ang usaping ito?

Matagal nang nakapagpasya ang lokal na malalaking tirano at masasamang panginoong maylupa, ang malalaking *warlord* at ang malalaking burukrata at kumprador. Naniniwala sila, tulad ng dati na nilang paniniwala, na mas masahol ang anumang tipo ng rebolusyon kaysa imperyalismo. Nagbuo sila ng isang kampo ng mga traydor kung saan talagang hindi usapin ang pagiging mga alipin ng isang dayuhang bansa dahil wala na silang anumang diwang makabansa at di maihihiwalay ang kanilang mga interes sa imperyalismo. Si Chiang Kai-shek[9] ang kanilang pinuno. Ang kampong ito ng mga traydor ay mortal na kaaway ng sambayanang Tsino. Hindi sana naging ganoon kalantaran ang agresyon ng imperyalismong Hapones kung hindi dahil sa pulutong na mga traydor na ito. Sila'y mga tuta ng imperyalismo.

Isang kumplikadong usapin ang pambansang burgesya. Lumahok ang uring ito sa rebolusyon ng 1924-27, pero dahil nasindak sa lagablab ng rebolusyon, sa kalauna'y pumanig sila sa kaaway ng sambayanan, ang pangkating Chiang Kai-shek. Ang tanong ay kung sa kasalukuyang kalagaya'y may posibilidad bang magbago ang uring ito. Sa palagay nati'y mayroon. Ito'y dahil ang pambansang burgesya'y hindi katulad ng uring panginoong maylupa man o ng uring kumprador; may pagkakaiba ang mga ito. Ang pambansang burgesya ay hindi kasing pyudal ng uring panginoong maylupa at hindi kasing kumprador ng uring kumprador. Ang seksyon na mas maraming kuneksyon sa dayuhang kapital at ang mga panginoong maylupang Tsino ang bumubuo sa kanang panig ng pambansang burgesya; at sa ngayo'y hindi muna natin susuriin kung maaari itong magbago o hindi. Ang usapin ay nasa mga seksyong may kakaunti o walang ganoong kuneksyon. Naniniwala tayo na sa bagong sitwasyon kung saan ang Tsina ay namemeligrong maging isang kolonya, maaaring baguhin ng mga seksyong ito ang kanilang aktitud. Ang pagbabago'y katatangian ng pag-uurong-sulong. Sa

isang banda, ayaw nila sa imperyalismo at sa kabilang banda'y takot sila sa puspusang rebolusyon; at nag-uurong-sulong sila sa dalawa. Ipinaliliwanag nito kung bakit lumahok sila sa rebolusyon ng 1924-27 at kung bakit sa kalauna'y pumanig sila kay Chiang Kai-shek. Sa anong aspeto naiiba ang kasalukuyang panahon sa 1927 nang ipagkanulo ni Chiang Kai-shek ang rebolusyon? Malakolonya pa ang Tsina noon, pero ngayo'y gagawin nang isang kolonya. Sa nakaraang siyam na taon, tinalikuran ng pambansang burgesya ang kanyang alyado, ang uring manggagawa, at kinaibigan ang uring panginoong maylupa at kumprador, pero may napala ba sila? Wala, liban sa nabangkrap o halos mabangkrap ang kanilang mga empresa sa industriya at komersyo. Kaya naniniwala tayo na, sa kasalukuyang sitwasyo'y maaaring magbago ang aktitud ng pambansang burgesya. Hanggang anong antas ang magiging pagbabago? Pangkalahatang katangian ng pambansang burgesya na mag-urong-sulong. Pero sa isang yugto ng pakikibaka, maaaring lumahok ang isang seksyon (ang kaliwang panig) nito samantalang maaaring mag-urong-sulong patungong pagiging nyutral ang isa pang seksyon.

Kaninong makauring interes ang kinakatawan ng Hukbo ng Ika-19 na Ruta na pinamunuan ni Tsai Ting-kai[10] at ng iba pa? Iyong makauring interes ng pambansang burgesya, nakakataas na petiburgesya at mayayamang magsasaka at maliliit na panginoong maylupa sa kanayunan. Di nga ba't minsa'y matinding nilabanan nina Tsai Ting-kai at ng kanyang mga kasamahan ang Pulang Hukbo? Oo, pero pagkaraan nito'y binuo nila ang pakikipag-alyansang anti-Hapones at anti-Chiang sa Pulang Hukbo. Sa Kiangsi, sinalakay nila ang Pulang Hukbo, pero sa kalauna'y nilabanan nila ang mga imperyalistang Hapones sa Shanghai; kinalaunan pa, sa Fukien, nakipagkasundo sila sa Pulang Hukbo at itinutok ang kanilang baril kay Chiang Kai-shek. Anumang landas ang tahakin nina Tsai Ting-kai at ng kanyang mga kasamahan sa hinaharap, at sa kabila ng pagtalima ng kanilang Gubyernong Bayan ng Fukien sa lumang gawi na hindi pagpukaw sa mamamayan para makibaka, dapat ituring na kapaki-pakinabang sa rebolusyon na itinutok nila ang kanilang baril, na dati'y nakatutok sa Pulang Hukbo, sa imperyalismong Hapones at kay Chiang kai-shek. Palatandaan ito ng isplit sa loob ng kampo ng Guomindang. Kung maaaring maging dahilan ng pag-isplit ng grupong ito ang mga sirkunstansya matapos ng Insidente ng Setyembre 18, hindi ba't makapagbubunga ang kasalukuyang mga sirkunstansya ng iba pang isplit sa Guomindang? Nagkakamali iyong mga kasapi ng Partido na naninindigang nagkakaisa at permanente ang buong kampo ng panginoong maylupa at burgesya, at hindi magbabago anuman ang mangyari. Hindi lamang sila nabibigong unawain ang kasalukuyang malalang sitwasyon, nakalimutan pa nila ang kasaysayan.

Hayaan ninyo akong magpalawig pa tungkol sa nakaraan. Noong 1926 at 1927, nang umabante ang rebolusyonaryong hukbo sa Wuhan, sinakop ito at nagmartsa patungong Honan, lumahok sa rebolusyon sina Tang Sheng-chin at Feng Yu-hsiang[11]. Noong 1933, sa ilang panaho'y nakipagtulungan si Feng Yu-hsiang sa Partido Komunista sa pagbubuo ng Magkaanib na Hukbong Anti-Hapones sa Probinsya ng Chahar.

Isa pang matingkad na halimbawa. Hindi ba't ang Hukbo ng Ika-26 na Ruta kasama ang Hukbo ng Ika-19 na Ruta, na sumalakay sa Pulang Hukbo sa Kiangsi, ang naglunsad ng Pag-aalsang Ningtu[12] noong Disyembre 1931 at naging bahagi ng Pulang Hukbo? Ang mga lider ng Pag-aalsang Ningtu, sina Chao Po-sheng at Tung Chen-tang at iba pa, ay naging matatapat na kasama sa rebolusyon.

Ang mga operasyong anti-Hapones ni Ma Chan-shan[13] sa tatlong probinsya sa hilagang-silangan ay kumatawan sa isa pang isplit sa kampo ng naghaharing uri.

Ipinapakita ng lahat ng pangyayaring ito na magaganap ang mga isplit sa kampo ng kaaway kapag maaabot na ng pambobomba ng Hapones ang buong Tsina, at kapag nagbago ng normal na kumpas nito ang pakikibaka at biglang bumugso pasulong.

Ngayon, mga kasama, tingnan naman natin ang isa pang aspeto ng usapin.

Wasto bang tutulan ang ating pananaw sa batayang mahina sa pulitika at ekonomya ang pambansang burgesya ng Tsina; at igiit na hindi ito posibleng magbago ng aktitud sa kabila ng mga bagong sirkunstansya? Sa palagay ko'y hindi. Kung kahinaan ang dahilan ng kawalang-kakayahan

nitong magbago ng aktitud, bakit kumilos nang kakaiba ang pambansang burgesya noong 1924-27 nang hindi lamang ito hindi nag-urong-sulong sa rebolusyon kundi talagang lumahok dito? Masasabi bang isang bagong sakit ang kahinaan ng pambansang burgesya at hindi ito taglay mula pa sa sinapupunan? Masasabi bang mahina ngayon ang pambansang burgesya pero hindi mahina noong 1924-27? Isa sa pangunahing katangian sa pulitika at ekonomya ng isang bayang malakolonya ay ang kahinaan ng pambansang burgesya nito. Iyan ang mismong dahilan kung bakit malakas ang loob ng mga imperyalista na takutin sila, kaya't ang isa pa sa kanilang katangian ay ang pagkamuhi sa imperyalismo. Mangyari pa, hindi natin ipinagkakaila, bagkus pa nga'y ganap nating kinikilala na ang mismong kahinaan ng pambansang burgesya ang maaaring magpadali para sa mga imperyalista, panginoong maylupa at kumprador na pakagatin sila sa pain na ilang pansamantalang bentahe; kaya kulang sila sa rebolusyonaryongkapuspusan. Gayunpaman, sa kasalukuyang sirkunstansya'y hindi maaaring sabihin na walang pagkakaiba sa pagitan ng uring pambansang burgesya at ng uring panginoong maylupa at uring kumprador.

Sa gayon, mariin nating iginigiit na kapag umabot sa sukdulan ang pambansang krisis, magkakaroon ng mga isplit sa kampo ng Guomindang. Ang ganoong mga isplit ay nakita mismo sa pag-urong-sulong ng pambansang burgesya at sa paglitaw ng niyong anti-Hapones na mga personaheng tulad nina Feng Yu-hsiang, Tsai Ting-kai at Ma Chan-shan na sa isang panaho'y naging bantog. Sa batayan, ang mga isplit na ito ay di paborable sa kontra-rebolusyon at paborable pa nga sa rebolusyon. Lumalaki ang posibilidad ng mga ito dahil sa di pantay na pag-unlad ng rebolusyon.

Mga kasama, sapat na iyon para sa positibong panig ng usapin. Ngayo'y hayaan ninyong talakayin ko ang negatibong panig, ang katotohanang ilang elemento sa hanay ng pambansang burgesya ay kadalasang mga dalubhasa sa panlilinlang sa mamamayan. Bakit? Dahil bukod sa tunay na mga tagasuporta ng rebolusyonaryong adhikain ng bayan, ang uring ito'y kinabibilangan ng marami na pansamantalang mukhang rebolusyonaryo mala-rebolusyonaryo, at sa gayo'y nagkakaroon ng mapanlinlang na katayuan na nagiging dahilan para mahirapan ang mamamayan na makita ang kanilang kakulangan sa rebolusyonaryong kapuspusan at ang kanilang mga balatkayong palamuti. Pinalalaki nito ang responsibilidad ng Partido Komunista na punahin ang mga alyado nito, ilantad ang huwad na rebolusyonaryo at agawin ang liderato. Ang itatwa ang posibilidad na maaaring magurong-sulong ang pambansang burgesya at maaaring lumahok sa rebolusyon sa panahon ng malalaking pag-aalsa ay nangangahulugan ng pagtalikod o sa anu't anuma'y pagpapaliit sa tungkulin ng ating Partido sa pakikipag-agawan sa pamumuno. Dahil kung kaparehong-kapareho ng mga panginoong maylupa at kumprador ang pambansang burgesya at may katulad na buktot at traydor na katangian, kakaunti o wala sanang problema sa pakikipag-agawan dito sa pamumuno.

Sa pagsasagawa ng pangkalahatang pagsusuri sa aktitud ng uring panginoong maylupa at burgesyang Tsino sa panahon ng malaking pag-aalsa, dapat din nating banggitin ang isa pang aspeto na kahit ang kampo ng panginoong maylupa at kumprador ay hindi ganap na nagkakaisa. Ang dahila'y isang malakolonyang bayan ang Tsina na pinag-aagawan ng maraming imperyalistang kapangyarihan. Kapag ang pakikibaka ay nakatuon laban sa imperyalismong Hapones, ang mga tuta ng United States at Britain, sa pagsunod sa iba't ibang tono ng utos ng kanilang amo, ay maaaring lihim o lantaran pa ngang lumaban sa mga imperyalistang Hapones at mga tuta nito. Marami nang halimbawa ng ganoong pagbabangayan at hindi na natin palalawigin ang mga ito. Babanggitin lamang natin ang pangyayari na si Hu Han-min[14], isang pulitikong Guomindang na minsa'y idinetini ni Chiang Kai-shek, ay pumirma din kamakailan sa Anim na Puntong Programa sa Pagtatanggol Laban sa Japan at Pagliligtas sa Bansa[15] na isinulong natin. Nilalabanan din ng mga *warlord* ng mga pangkatin sa Kwangtung at Kwangsi[16] na sumusuporta kay Hu Han-min si Chiang Kai-shek sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga islogang "Bawiin ang nawalang teritoryo natin" at "Labanan ang Japan at kasabay nito'y supilin ang mga bandido"[17] (laban sa islogan ni Chiang Kai-shek na "Supilin muna ang mga bandido, pagkaraa'y labanan ang Japan"). Hindi ba kataka-taka ito? Hindi, hindi talaga ito kataka-taka kundi isa lamang partikular na interesanteng halimbawa ng bangayan ng

malalaki at maliliit na tuta, ng busog na busog at gutom na gutom na mga tuta. Hindi ito isang malaking alitan, pero hindi rin maliit; ito'y kapwa nakakainis at masakit na kontradiksyon. Pero ang ganoong mga bangayan, ang ganoong mga alitan, ganoong mga kontradiksyon ay magagamit ng mga rebolusyonaryong mamamayan. Dapat nating gawing kapaki-pakinabang ang lahat ng ganoong bangayan, alitan at kontradiksyon sa kampo ng kaaway at itutok ang mga ito sa ating pangunahing kaaway ngayon.

Sa paglalagom sa usapin ng ugnayan ng mga uri, masasabi natin na ang saligang pagbabago sa sitwasyon, ang pananakop ng Hapones sa Tsina sa timog ng *Malaking Pader (Great Wall)*, ay nagbago sa ugnayan sa hanay ng iba't ibang uri sa Tsina na nagpapalakas sa kampo ng pambansang rebolusyon at nagpapahina sa kontrarebolusyon.

Talakayin natin ngayon ang sitwasyon sa kampo ng pambansang rebolusyon ng Tsina.

Una, ang Pulang Hukbo. Mga kasama, gaya ng nalalaman ninyo, sa halos isa't kalahating taon nagsagawa ng malalaking pagbabago ng pusisyon ang tatlong pangunahing kontindyent ng Pulang Hukbo ng Tsina. Noong Agosto ng nakaraang taon, nagsimulang lumipat sa erya ni Kasamang Ho Lung[19] ang Grupo ng Ikaanim na Hukbo na pinamunuan ni Jen Pi-Shih[18] at iba pang mga kasama, at noong Oktubre kami mismo'y nagsimulang lumipat ng pusisyon[20]. Noong Marso ng taong ito, nagsimulang lumipat ang Pulang Hukbo sa hangganang erya ng Szechuan-Shensi[21]. Iniwan ng tatlong kontindyente ng Pulang Hukbo ang kanilang dating mga pusisyon at lumipat sa bagong mga rehiyon. Dahil sa malalaking paglilipat na ito, naging mga sonang gerilya ang dating mga erya. Sa proseso'y humina nang husto ang Pulang Hukbo. Sa aspetong ito ng pangkalahatang sitwasyon, makikita natin na pansamantala at bahagyang nagtagumpay ang kaaway habang dumaranas tayo ng pansamantala at bahagyang pagkatalo. Tama ba ang pahayag na ito? Sa palagay ko'y tama. Dahil inilalahad nito ang totoo. Gayunman, sinasabi ng ilang tao (halimbawa, ni Chang Kuo-tao[22]) na bigo ang Sentral na Pulang Hukbo[23]. Tama ba iyon? Hindi. Dahil hindi nito inilalahad ang totoo. Sa pagharap sa problema, dapat makita ng isang Marxista ang kabuuan pati na ang mga bahagi. Sabi ng palakang nasa balon, "Ang kalangitan ay sinlaki ng bunganga ng balon." Hindi iyon totoo dahil ang kalangitan ay hindi lamang sinlaki ng bunganga ng balon. Kung sinabi nitong, "Isang bahagi ng kalangitan ay sinlaki ng bunganga ng balon", iyo'y totoo dahil umaayon ito sa katotohanan. Sinasabi natin na sa isang aspeto'y nabigo ang Pulang Hukbo (hal., nabigo itong imantini ang orihinal na mga pusisyon nito), pero sa isa pang aspeto'y nagtagumpay ito (hal., sa pagsasakatuparan ng planong *Long March*). Sa isang aspeto'y nagtagumpay ang kaaway (hal., sa pagsakop sa ating mga orihinal na pusisyon), pero sa isa pang aspeto'y nabigo ito (hal., nabigo itong isakatuparan ang plano nitong "pagkubkob at pagsupil" at "pagtugis at pagsupil"). Iyon lamang ang naaangkop na pormulasyon dahil naisagawa natin ang *Long March*.

Hinggil sa *Long March*, maaaring itanong, "Ano ang kabuluhan nito?" Ang sagot natin ay: ang *Long March* ang kauna-unahang martsa na nakatala sa kasaysayan, na isa itong manipesto, isang pwersang pampropaganda, isang makinang nagpupunla. Mula ang paghiwalayin ni Pan Ku ang langit at lupa at naghari ang Tatlong Hari at Limang Emperador[24], may nasaksihan bang mahabang martsang tulad ng sa atin sa buong kasaysayan? Sa loob ng 12 buwan, araw-araw tayong nirerekurida at binobomba mula sa himpapawid ng napakaraming eroplano, samantalang sa lupa'y kinukubkob at tinutugis tayo, pinipigil at hinaharang ng malaking pwersang binubuo ng ilang daang libong tauhan, at dumanas ng di mailalarawang hirap at panganib sa daan; gayunman, sa pamamagitan ng ating dalawang paa, natawid natin ang layong mahigit sa 20 libong *li* sa saklaw at lawak ng 11 probinsya! Itanong natin, may nasaksihan na bang mahabang martsang kapantay ng sa atin sa buong kasaysayan? Wala, wala kailanman. Ang *Long March* ay isang manipesto. Ipinahayag nito sa buong daigdig na ang Pulang Hukbo ay isang hukbo ng mga bayani, samantalang ang mga imperyalista at ang kanilang mga tuta, na sina Chiang Kai-shek at mga katulad niya, ay mga inutil. Ipinahayag nito ang kanilang ganap na pagkabigong kubkubin, tugisin, pigilin at harangin tayo. Ang *Long March* ay isa ring pwersang pampropaganda. Ipinahayag nito sa 200 milyong mamamayan sa 11 probinsya na ang

landas ng Pulang Hukbo ay ang kanilang tanging landas sa paglaya. Kung hindi sa *Long March*, paano napakabilis na malalaman ng malawak na masa ang pagkakaroon ng mahalagang katotohanang kinakatawan ng Pulang Hukbo? Ang *Long March* ay isa ring makinang nagpupunla. Sa 11 probinsya nagpunla ito ng maraming binhi na uusbong, magdadahon, mamumulaklak at mamumunga, at aanihin sa hinaharap. Sa madaling sabi, nagwakas ang *Long March* sa isang tagumpay para sa atin at isang pagkatalo ng kaaway. Sino ang nagdala sa *Long March* sa tagumpay? Ang Partido Komunista. Kung wala ang Partido Komunista, hindi mahihinuha ang isang mahabang martsang tulad nito. Ang Partido Komunista ng Tsina, ang liderato nito, mga kadre at kasapi nito ay walang kinatatakutang problema o hirap. Lalamunin ng kumunoy ng oportunismo ang sinumang nagdududa sa ating kakayahang pamunuan ang rebolusyonaryong digma. Lumitaw ang bagong sitwasyon pagkatapos na pagkatapos ng *Long March*. Sa labanan sa Chihlochen, winasak ng Sentral na Pulang Hukbo at ng Pulang Hukbo ng Hilagang-Kanluran, na lumaban na may praternal na pagkakaisa, ang kampanyang "kubkubin at supilin" ng traydor na si Chiang Kai-shek laban sa hangganang erya ng Shensi-Kansu[25] at sa gayo'y naitayo ang panulukang bato para sa tungkuling ginagampanan ng Komite Sentral ng Partido, ang tungkuling itayo ang pambansang himpilan ng rebolusyon sa hilagang-kanluran ng Tsina.

Sa ganitong sitwasyon ng pangunahing tropa ng Pulang Hukbo, paano na ang pakikidigmang gerilya sa mga probinsya sa timog? Ang ating mga pwersang gerilya doon ay dumanas ng ilang kabiguan pero hindi naman nalipol. Sa maraming lugar, muli nilang ipinararamdam ang sarili at lumalaki at lumalawak[26].

Sa mga erya ng Guomindang, ang pakikibaka ng mga manggagawa ay sumusulong ngayon sa labas ng bakod ng mga pagawaan at mula sa pagiging pakikibakang pang-ekonomya'y nagiging pakikibakang pampulitika. Ngayo'y matinding namumuo ang isang magiting na pakikibaka ng uring manggagawa laban sa Hapones at mga traydor, at batay sa sitwasyon, hindi magtatagal ay sisiklab ito.

Hindi kailanman tumigil ang pakikibaka ng mga magsasaka. Dahil ginigipit ng agresyon mula sa ibayong dagat, ng mga paghihirap sa sariling bayan at ng likas na mga kalamidad, ang mga magsasaka ay naglunsad ng malawakang mga pakikibaka sa anyo ng pakikidigmang gerilya, pag-aalsang masa at *riot* sa kagutuman. Ang pakikidigmang gerilyang anti-Hapones ngayon sa mga probinsya sa hilagang-silangan at silangang Hopei[27] ang kanilang tugon sa mga pagsalakay ng imperyalismong Hapones.

Lumaki na nang husto ang kilusang estudyante at tiyak na magpapatuloy ito. Pero maisusustini lamang ng kilusang ito ang sarili at makakaigpaw lamang sa batas militar na ipinataw ng mga traydor at sa patakaran ng panggugulo at pagmamasaker na ipinatutupad ng pulisya, mga sikreta, mga buhong sa sistema ng edukasyon at mga pasista, kung makikipagkoordina ito sa mga pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka at sundalo.

Natalakay na natin ang pag-uurong-sulong ng pambansang burgesya, mayayamang magsasaka at maliliit na panginoong maylupa, at ang posibilidad na maaari silang aktwal na lumahok sa pakikibakang anti-Hapones.

Nag-aalsa na ngayon ang minoryang mga nasyunalidad laluna ang mamamayan ng Inner Mongolia na tuwirang pinagbabantaan ng imperyalismong Hapones. Sa paglipas ng panahon, ang kanilang pakikibaka ay sasanib sa pakikibaka ng mamamayan sa Hilagang-kanluran at sa mga operasyon ng Pulang Hukbo sa Hilagang Kanluran.

Ipinapakita ng lahat ng ito na nagbabago ngayon ang rebolusyonaryong sitwasyon mula sa pagiginglokal tungo sa pagiging pambansang saklaw, at unti-unting nagbabago mula sa pagiging di pantay tungo sa isang antas ng pagiging pantay. Nasa bisperas tayo ng isang dakilang pagbabago. Ang tungkulin ng Partido ay magtatag ng isang rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang prente sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga aktibidad ng Pulang Hukbo sa lahat ng aktibidad ng mga manggagawa, magsasaka, estudyante, petiburgesya at pambansang burgesya sa buong bayan.

## ANG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE

Dahil nasuri na natin ang sitwasyon kaugnay ng kontra-rebolusyon at rebolusyon, madali nating maitatakda ang taktikal na mga tungkulin ng Partido.

Ano ang saligang taktikal na tungkulin ng Partido? Ito'y walang iba kundi ang pagtatatag ng isang malawak na rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang prente.

Kapag nagbabago ang rebolusyonaryong sitwasyon, dapat magbago alinsunod dito ang mga rebolusyonaryong taktika at pamamaraan ng pamumuno. Tungkulin ng mga imperyalistang Hapones, kolaboreytor at traydor na gawing isang kolonya ang Tsina, habang tungkulin naman nating gawing isang malaya at independyenteng bayan na may ganap na teritoryal na integridad ang Tsina.

Isang dakilang tungkulin ang pagkakamit ng kasarinlan at kalayaan para sa Tsina. Hinihingi nito na labanan natin ang dayuhang imperyalismo at ang lokal na mga pwersang kontra-rebolusyonaryo. Determinado ang imperyalismong Hapones na ipwersa ang sarili sa kaloob-looban ng Tsina. Sa ngayon, mas malakas pa ang lokal na mga pwersang kontra-rebolusyonaryo ng uring malaking panginoong maylupa at kumprador kaysa mga rebolusyonaryong pwersa ng bayan. Hindi magagawa sa isang araw ang pagbabagsak sa imperyalismong Hapones at mga kontra-rebolusyonaryong pwersa sa Tsina, at dapat handa tayong maglaan ng mahabang panahon para dito; hindi ito magagawa ng maliliit na pwersa, at kung gayo'y dapat tayong magtipon ng malalaking pwersa. Sa Tsina, tulad ng sa buong daigdig, mas mahina kaysa dati ang mga kontra-rebolusyonaryong pwersa at mas malakas ang mga rebolusyonaryong pwersa. Wasto ang pagtantyang ito na kumakatawan sa isang aspeto ng usapin. Ang di pantay na pag-unlad ng pulitika at ekonomya ng Tsina ay nagreresulta ng di pantay na pag-unlad ng kanyang rebolusyon. Sa pangkalahatan, ang rebolusyon ay nagsisimula, umuunlad at magtatagumpay muna doon sa mga lugar na mas mahina ang mga kontra-rebolusyonaryong pwersa samantalang nagsisimula pa lamang o napakabagal na umuunlad doon sa mga lugar na malakas ang mga ito. Matagal nang ganoon ang sitwasyon ng rebolusyong Tsino. Matataya na ibayong uunlad ang pangkalahatang rebolusyonaryong sitwasyon sa ilang yugto sa hinaharap pero mananatili ang pagiging di pantay. Ang transpormasyon ng pagiging di pantay na ito tungo sa pangkalahatang pagkapantay ay mangangailangan ng napakahabang panahon, napakalaking pagsisikap, at pagtupad ng Partido sa wastong linya. Dahil nasaksihan natin na tumagal ng tatlong taon ang rebolusyonaryong digma na pinamunuan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet[28], dapat handa tayong maglaan ng mas mahabang panahon sa matagalan na ngang rebolusyonaryong digma na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Tsina para ganap at lubusang malipol ang lokal at dayuhang mga kontra-rebolusyonaryong pwersa. Hindi kailanman uubra ang tipo ng pagkamainipin na dating ipinakita. Dagdag pa, dapat magbalangkas ng mahuhusay na rebolusyonaryong taktika; hindi natin kailanman makakamit ang mahahalagang bagay kung magpapaikut-ikot tayo sa loob ng makikitid na hangganan. Hindi ito nangangahulugan na sa Tsina'y dapat maghinay-hinay; hindi, dapat maging mapangahas dahil hindi tayo pinahihintulutan ng panganib ng pambansang pagkalupig na magluwag nang kahit isang sandali. Mula ngayon tiyak na uunlad ang rebolusyon nang mas mabilis kaysa dati dahil patungo na sa bagong panahon ng digma at rebolusyon ang Tsina at ang daigdig. Dahil sa lahat ng ito, mananatiling matagalang digma ang rebolusyonaryong digma ng Tsina; resulta ito ng lakas ng imperyalismo at ng di pantay na pag-unlad ng rebolusyon. Sinasabi natin na ang kasalukuyang sitwasyon ay isang sitwasyong napipinto ang bagong sigwa ng pambansang rebolusyon at nasa bisperas ng isang dakilang bagong pambansang rebolusyon ang Tsina; isa katangian ito ng kasalukuyang rebolusyonaryong sitwasyon. Ito'y isang katotohanan at kinakatawan nito ang isang aspeto ng usapin. Pero dapat din nating sabihin na ang imperyalismo ay isa pang pwersang kailangang seryosong isaalang-alang, na malalang kahinaan ang di pantay na pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa, at para matalo natin ang ating mga kaaway, dapat handa tayong maglunsad ng matagalang digma; isa pa itong katangian ng kasalukuyang rebolusyonaryong sitwasyon. Ito rin ay isang katotohanan at kumakatawan sa isa pang aspeto ng usapin. Itinuturo at

iginigiit sa atin ng dalawang katangian at dalawang katotohanan na ibahin natin ang ating mga taktika at baguhin ang mga pamamaraan ng ating paggamit sa ating mga pwersa at ang pagsusulong ng pakikibaka na angkop sa sitwasyon. Hinihingi ng kasalukuyang sitwasyon na mapangahas nating iwaksi ang lahat ng tendensyang pagiging sarado, itatag ang isang malawak na nagkakaisang prente at magmatyag laban sa adbenturismo. Hindi tayo dapat sumuong sa mapagpasyang mga labanan hanggat hindi pa napapanahon at hanggat wala pa tayong sapat na lakas.

Hindi ko na tatalakayin dito ang relasyon ng adbenturismo sa tendensya ng pagsasara ng pinto o ang posibleng mga panganib ng adbenturismo habang sumusulong ang mga pangyayari sa mas malawak na saklaw; maaaring mamaya na lamang iyon. Sa sandaling ito, ililimita ko ang aking sarili sa pagpapaliwanag na magkasalungat na magkasalungat ang mga taktika ng nagkakaisang prente at ang mga taktika ng pagsasara ng pinto.

Hinihingi ng taktika ng nagkakaisang prente na magrekluta ng malaking pwersa para kubkubin at lipulin ang kaaway.

Ang taktika ng pagsasara ng pinto ay nagangahulugan na mag-isang makibaka sa desperadong pakikipaglaban sa isang pagkalakas-lakas na kaaway.

Sinasabi ng mga tagapagtaguyod ng taktikang nagkakaisang prente na kung wasto nating tatantyahin ang posibilidad ng pagbubuo ng isang malawak na rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang prente, dapat wastong tantyahin ang mga pagbabago sa hanayan ng rebolusyonaryo at kontra-rebolusyonaryong mga pwersa sa Tsina na resulta ng pagtatangka ng imperyalismong Hapones na gawing isang kolonya ang Tsina. Kung hindi wastong matatantya ang malalakas at mahihinang bahagi ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersang Hapones at Tsino at ng sa mga rebolusyonaryong pwersang Tsino, hindi natin lubos na mauunawaan ang pangangailangang organisahin ang isang malawak na rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang prente o ipatupad ang mahihigpit na pamamaraan para wasakin ang pagsasara ng pinto, o gamitin ang nagkakaisang prente para organisahin at pagkaisahin ang milyun-milyong mamamayan at lahat ng hukbong potensyal na papanig sa rebolusyon sa layuning sumulong para birahin ang ating pangunahing target, ang imperyalismong Hapones at mga tuta nito, ang mga traydor na Tsino, o gamitin ang ating taktikal na sandatang ito para birahin ang pangunahing target na kaharap natin, at sa halip pupuntiryahin natin ang maraming iba't ibang target kung kaya hindi tatamaan ang prinsipal na kaaway kundi ang sekundaryo nating mga kaaway o ang ating mga alyado pa nga. Mangangahulugan ito na hindi natin matutukoy ang prinsipal na kaaway at masasayang ang ating bala. Mangangahulugan ito na hindi maikakahon at hindi maihihiwalay ang kaaway. Mangangahulugan ito na hindi natin makakabig ang lahat ng nasa kampo ng kaaway at nasa prente ng kaaway na sapilitang sumapi sa kanila, at iyong mga kaaway natin kahapon na maaaring maging mga kaibigan natin ngayon. Sa katunaya'y mangangahulugan ito ng pagtulong sa kaaway, pagpipigil, paghihiwalay at pagpapakitid sa rebolusyon, at pagpapahupa at pagpapatalo pa nga nito.

Sinasabi ng mga tagapagtaguyod ng taktika ng pagsasara ng pinto na mali lahat ang nabanggit na argumento. Dapat maging dalisay, dalisay na dalisay, ang mga pwersa ng rebolusyon, at dapat maging tuwid, tuwid na tuwid, ang landas ng rebolusyon. Walang wasto kundi ang literal na nakasulat sa Banal na Kasulatan. Ang pambansang burgesya ay lubos at panghabampanahong kontra-rebolusyonaryo. Dapat huwag magbigay ng kahit isang pulgada man lamang sa mayayamang magsasaka. Dapat labanan nang husto ang mga dilawang unyon. Kung makikipagkamay tayo kay Tsai Ting-kai, dapat tawagin pa rin natin siyang kontra-rebolusyonaryo. May pusa bang umaayaw sa isda o isang *warlord* na hindi kontra-rebolusyonaryo? Ang mga intelektwal ay mga rebolusyonaryong pantatlong araw lamang na peligrosong reklutahin. Kung gayon, ang pagsasara ng pinto ang nag-iisang mahikang nakalilikha ng himala samantalang ang nagkakaisang prente ay isang oportunistang taktika.

Mga kasama, alin ang tama, ang nagkakaisang prente o ang pagsasara ng pinto? Alin nga ba ang pinagtitibay ng Marxismo-Leninismo? Sasagutin ko nang walang anumang pag-aalinlangan – ang

nagkakaisang prente at hindi ang pagsasara ng pinto. Maraming tamang ideya ang mga batang tatlong taong gulang pero hindi maaaring ipagkatiwala sa kanila ang seryosong pambansa o pandaigdigang mga usapin dahil hindi pa nila naiintindihan ang mga ito. Salungat ang Marxismo-Leninismo sa "sakit ng kamusmusan" na matatagpuan sa rebolusyonaryong hanay. Ang sakit ng kamusmusang ito ay ang mismong tinatangkilik ng mga kumpirmadong tagapagtaguyod ng pagsasara ng pinto. Tulad ng lahat ng aktibidad sa daigdig, ang rebolusyon ay laging tumatahak sa paliku-likong landas at hindi kailanman sa tuwid na landas. Maaaring magbago ang pagkakahanay-hanay ng mga pwersa sa mga kampo ng rebolusyon at kontra-rebolusyon tulad ng pagbabago ng lahat ng bagay sa daigdig. Ang bagong mga taktika ng Partido sa malawak na nagkakaisang prente ay nagsisimula sa dalawang pundamental na katotohanan, na desidido ang imperyalismong Hapones na gawing isang kolonya ang buong Tsina at mayroon pa ring malulubhang kahinaan ang mga rebolusyonaryong pwersa ng Tsina. Para salakayin ang mga pwersa ng kontra-rebolusyon, ang kailangan ng mga rebolusyonaryong pwersa ngayon ay organisahin ang milyun-milyong masa at pakilusin ang isang makapangyarihang rebolusyonaryong hukbo. Ang malinaw na katotohanan ay ang ganoong kamakapangyarihang pwersa lamang ang makakadurog sa mga imperyalistang Hapones at mga traydor at kolaboreytor. Kung gayon, ang mga taktika ng nagkakaisang prente ang tanging Marxista-Leninistang taktika. Sa kabilang banda, ang mga taktika ng pagsasara ng pinto ay taktika ng mariringal na aysolasyunista. Ang pagsasara ng pinto ay "nagtataboy lamang ng isda sa malalim na tubig at ng mga maya sa kasukalan" at itataboy nito ang milyun-milyong masa, ang makapangyarihang hukbong ito, sa panig ng kaaway na siguradong ipagbubunyi nito. Sa praktika, ang pagsasara ng pinto ay matapat na alagad ng mga imperyalistang Hapones at mga traydor at kolaboreytor. Ang satsat ng mga tagapagtaguyod nito tungkol sa pagiging "dalisay" at "tuwid" ay tutuligsain ng mga Marxista-Leninista at pupurihin ng mga imperyalistang Hapones. Malinaw na ayaw natin ang pagsasara ng pinto; ang gusto natin ay ang rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang prente, na nangangahulugan ng kamatayan para sa mga imperyalistang Hapones at mga traydor at kolaboreytor.

## ANG REPUBLIKANG BAYAN[29]

Kung hanggang ngayo'y nakabatay ang ating gubyerno sa alyansa ng mga manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod, mula ngayon dapat baguhin ito para makabilang din ang mga myembro ng lahat ng iba pang uring nagnanais na lumahok sa pambansang rebolusyon.

Sa kasalukuyan, dapat maging saligang tungkulin ng ganoong gubyerno na labanan ang pananakop sa Tsina ng imperyalismong Hapones. Magkakaroon ito ng isang mas malawak na representasyon upang makabilang dito iyong mga interesado lamang sa pambansang rebolusyon at hindi sa agraryong rebolusyon, at kahit pa nga iyong mga maaaring lumaban sa imperyalismong Hapones at mga tuta nito, kung talagang nais nila, kahit na hindi sila laban sa mga imperyalistang Europeano at US dahil sa malapit na ugnayan nila sa huli. Kung gayon, ayon sa prinsipyo, ang programa ng ganoong gubyerno ay dapat alinsunod sa saligang tungkuling labanan ang imperyalismong Hapones at mga tuta nito, at dapat nating baguhin ang dati nating mga patakaran alinsunod dito.

Ang espesyal na katangian ng rebolusyonaryong panig sa kasalukuyan ay ang pag-iral ng napakatatag na Partido Komunista at Pulang Hukbo. Krusyal ang kahalagahan nito. Kung wala ang mga ito, lilitaw ang mabibigat na problema. Bakit? Dahil napakarami at napakamakapangyarihan ng mga traydor at kolaboreytor sa Tsina at siguradong gagawin nila ang lahat para wasakin ang nagkakaisang prente; maghahasik sila ng hidwaan sa pamamagitan ng pananakot at panunuhol at pagmamaniobra sa hanay ng iba't ibang grupo, at gagamitin nila ang kanilang mga hukbo para apihin at isa-isang durugin ang lahat ng mas mahina sa kanila na gustong humiwalay sa kanila at sumama sa atin sa paglaban sa Japan. Ang lahat ng ito'y hindi maiiwasan kung wala ang gubyerno at hukbong anti-Hapones ng pinakamahahalagang salik na ito, ang Partido Komunista at Pulang Hukbo. Noong

1927, nabigo ang rebolusyon pangunahin dahil sa pag-iral noon ng oportunistang linya sa Partido Komunista, hindi nagsikap magpalawak ang ating hanay (ang kilusang manggagawa't magsasaka at ang mga armadong pwersa na pinamunuan ng Partido Komunista) at eksklusibong sumalig sa pansamantalang alyado, ang Guomindang. Ang resulta'y natalo ang rebolusyon nang atasan ng mga imperyalista ang mga alipures nila, ang uring panginoong maylupa at uring kumprador, na ikalat ang kanilang napakaraming galamay at hatakin una si Chiang Kai-shek at pagkaraa'y si Wang Ching-wei. Noong mga araw na iyon, ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay walang sandigan, walang malalakas na rebolusyonaryong armadong pwersa kung kaya't nang mangyari ang maramihan at mabilisang pagpanig sa kaaway, napilitang lumabang mag-isa ang Partido Komunista at walang lakas na biguin ang taktika ng mga imperyalista't kontra-rebolusyonaryong Tsino na isa-isang durugin ang kanilang mga kaaway. Totoong sa atin ang mga tropang nasa ilalim nina Ho Lung at Yeh Ting, pero hindi pa sila nakokonsolida sa pulitika at hindi pa bihasa ang Partido sa pamumuno sa kanila, kaya sa bandang huli'y natalo sila. Ang aral na pinagbayaran natin nng dugo ay ito: ang kawalan ng isang matatag na bag-as ng mga rebolusyonaryong pwersa ay magdudulot ng pagkatalo ng rebolusyon. Ibang-iba ngayon ang kalagayan. Sa kasalukuya'y mayroon tayong malakas na Partido Komunista at malakas na Pulang Hukbo at mayroon din tayong mga baseng purok ng Pulang Hukbo. Hindi lamang nagsisilbing mga tagapagsimula ngayon ng pambansang nagkakisang prente laban sa Japan ang Partido Komunista at Pulang Hukbo kundi sa hinaharap ay sila ang magiging makapangyarihang sandigan ng gubyerno at hukbong anti-Hapones ng Tsina na may kakayahang hadlangan ang mga imperyalistang Hapones at si Chiang Kai-shek sa pagsasagawa ng kanilang patakaran guluhin ang nagkakaisang prenteng ito. Gayunman, dapat mahigpit tayong magmatyag dahil walang dudang gagawin ng mga imperyalistang Hapones at ni Chiang Kai-shek ang lahat ng anyo ng pananakot at panunuhol at pagmamaniobra sa hanay ng iba't ibang grupo.

Natural na hindi natin maaasahang maging kasingtatag ng Partido Komunista at Pulang Hukbo ang bawat seksyon ng malawak na pambansang nagkakaisang prente laban sa Japan.Sa proseso ng kanilang mga aktibidad, ang ilang masasamang elemento ay maaaring kumalas sa nagkakaisang prente dahil sa impluwensya ng kaaway. Gayunman, hindi natin dapat pangambahan na mawala ang ganoong mga tao. Samantalang maaaring mapailalim ang masasamang elemento sa impluwensya ng kaaway, mapapailalim naman sa ating impluwensya ang mabubuting tao. Mabubuhay at uunlad ang pambansang nagkakaisang prente hanggat nabubuhay at umuunlad ang Partido Komunista at Pulang Hukbo. Iyan ang namumunong papel ng Partido Komunista at Pulang Hukbo sa pambansang nagkakaisang prente. Hindi na musmos sa pulitika ang mga Komunista at kaya na nilang pangalagaan ang sarili at panghawakan ang mga ugnayan sa kanilang mga alyado. Kung kaya ng mga imperyalistang Hapones at ni Chiang Kai-shek na magmaniobra kaugnay ng mga rebolusyonaryong pwersa, kaya din ng Partido Komunista na gawin ito kaugnay ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa. Kung kaya nilang hatakin ang masasamang elemento sa ating panig, kaya din naman nating kabigin ang kanilang "masasamang elemento" (mabubuting elemento sa ating punto de bista) sa ating panig. Kung mas marami tayong makakabig, mapapahina ang hanay ng kaaway at mapapalakas ang sa atin. Sa madaling sabi, nagtutunggalian ngayon ang dalawang batayang pwersa, at sa natural na takbo ng mga pangyayari, lahat ng pwersang nasa gitna ay kailangang pumanig sa isa sa dalawang panig. Ang patakaran ng mga imperyalistang Hapones na lupigin ang Tsina at ang patakaran ni Chiang Kai-shek na ipagkanulo ang Tsina ay tiyak na magtutulak sa maraming mamamayan na pumanig sa atin – tuwiran mang sumapi sa Partido Komunista at Pulang Hukbo o magtatag ng nagkakaisang prente kasama natin. Mangyayari ito kung hindi natin itataguyod ang taktika ng pagsasara ng pinto.

Bakit gagawing "republikang bayan" ang "republika ng manggagawa't magsasaka"?

Kinakatawan ng ating gubyerno hindi lamang ang mga manggagawa't magsasaka kundi ng buong bansa. Ipinahihiwatig ito sa ating islogan ng demokratikong republika ng mga manggagawa't magsasaka dahil 80 hanggang 90 porsyento ng populasyon ay manggagawa't magsasaka.

Kinakatawan ng Sampung Puntong Programa[30] na pinagtibay ng Ikaanim na Pambansang Kongreso ng ating Partido ang interes ng buong bansa at hindi ang sa manggagawa't magsasaka lamang. Pero inuobliga tayo ng kasalukuyang sitwasyon na baguhin ang ating islogan, gawin itong islogan ng republikang bayan. Ang dahila'y binago ng pananakop ng Hapones ang ugnayan ng mga uri sa Tsina at posible na ngayong lumahok sa pakikibakang anti-Hapones hindi lamang ang petiburgesya kundi pati na ang pambansang burgesya.

Tiyak na hindi kakatawanin ng republikang bayan ang interes ng mga kaaway sa uri. Kabaligtaran nito, tuwiran itong laban sa uring panginoong maylupa at kumprador, ang mga alipures ng imperyalismo, at hindi sila ibibilang sa sambayanan. Kinakatawan naman ng "Pambansang Gubyerno ng Republika ng Tsina" ni Chiang Kai-shek ang pinakamayayaman lamang pero hindi ang karaniwang mamamayan na hindi nito ibinibilang na bahagi ng bansa. Dahil binubuo ng mga manggagawa't magsasaka ang 80 hanggang 90 porsyento ng populasyon ng Tsina, dapat katawanin ng republikang bayan unang-una at pangunahin ang kanilang interes. Gayunman, sa pamamagitan ng pagpapatalsik sa pang-aapi ng imperyalista para maging malaya at independyente ang Tsina, at sa pamamagitan ng pagpapatalsik sa pang-aapi ng panginoong maylupa para palayain ang Tsina mula sa malapyudalismo, ang republikang bayan ay hindi lamang makakapagbigay ng benepisyo sa mga manggagawa't magsasaka kundi pati na sa iba pang seksyon ng sambayanan. Ang suma total ng interes ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayan ang bumubuo sa interes ng buong bansang Tsino. Nakatira din sa Tsina ang mga uring kumprador at panginoong maylupa, pero dahil wala silang pagpapahalaga sa pambansang interes, salungat ang kanilang interes sa interes ng mayorya. Sa maliit na minoryang ito lamang tayo kumakalas at lumalaban, at kung gayo'y may karapatan tayong tawagin ang ating sarili na mga kinatawan ng buong bansa.

Mangyari pa'y may tunggalian ng interes sa pagitan ng uring manggagawa at ng pambansang burgesya. Hindi natin matagumpay na maipagpapatuloy ang pambansang rebolusyon hanggat hindi bibibigyan ng pampulitika at pang-ekonomyang karapatan ang uring manggagawa, ang taliba ng pambansang rebolusyon, at hanggat hindi nito naitutuon ang kanyang lakas laban sa imperyalismo at mga tuta nito, ang mga traydor. Gayunman, kung sasama ang pambansang burgesya sa anti-imperyalistang nagkakaisang prente, magkakaroon ng interes na komun ang uring manggagawa't pambansang burgesya. Sa panahon ng burges-demokratikong rebolusyon, hindi isasailalim ng republikang bayan sa ekspropriyasyon ang pribadong ari-arian liban sa pribadong ari-ariang imperyalista at pyudal, at sa halip na kumpiskahin ang mga empresa sa industriya at komersyo ng pambansang burgesya, eengganyuhin ng republikang bayan ang pag-unlad ng mga ito. Poprotektahan natin ang bawat pambansang kapitalista na hindi sumusuporta sa mga imperyalista o sa mga traydor na Tsino. Sa yugto ng demokratikong rebolusyon, may hangganan ang tunggalian ng paggawa at kapital. Poprotektahan ng mga batas paggawa ng republikang bayan ang interes ng mga manggagawa pero hindi hahadlangan ang pambansang burgesya na tumubo o paunlarin ang kanilang mga empresang pang-industriya at pangkomersyo dahil makakasama sa imperyalismo ang ganoong pag-unlad at makakabuti sa sambayanang Tsino. Samakatwid, malinaw na kakatawanin ng republikang bayan ang interes ng lahat ng saray na lumalaban sa imperyalismo at mga pwersang pyudal. Pangunahing ibabatay sa manggagawa't magsasaka ang republikang bayan pero ibibilang din ang mga kinatawan ng iba pang mga uri na lumalaban sa imperyalismo at mga pwersang pyudal.

Pero hindi ba mapanganib na papasukin sa gubyerno ng republikang bayan ang mga kinatawan ng mga uring iyon? Hindi. Ang mga manggagawa't magsasaka ang batayang masa ng republika. Kung bibigyan ang petiburgesyang lunsod, ang mga intelektwal at iba pang mga seksyon ng populasyon na sumusuporta sa programang anti-imperyalista at antipyudal ng karapatang magkaroon ng tinig sa gubyerno ng republikang bayan at kumilos dito, magkaroon ng karapatang bumoto at iboto sa eleksyon, hindi natin dapat payagang labagin ang mga interes ng mga manggagawa't magsasaka, ang batayang masa. Dapat ang pangangalaga sa kanilang interes ang esensyal na bahagi ng ating programa. Dahil ang kanilang mga kinatawan ang bubuo sa mayorya ng gubyernong ito at dahil

pamumunuan ito at kikilos sa loob nito ang Partido Komunista, magagarantiyahang hindi magiging panganib ang partisipasyon ng ibang uri. Malinaw na malinaw na ang rebolusyong Tsino, sa kasalukuyang yugto, ay may katangian pa ring burges-demokratiko at hindi proletaryong sosyalistang rebolusyon. Ang mga kontra-rebolusyonaryong Trotskyista[31] lamang ang nagsasabi ng kabalbalang tulad ng nakumpleto na ng Tsina ang kanyang burges-demokratikong rebolusyon at maaari lamang maging sosyalista ang anumang pagpapatuloy ng rebolusyon. Ang rebolusyon ng 1924-27 ay isang burges-demokratikong rebolusyon na hindi natapos kundi nabigo. Isa ring burges-demokratikong rebolusyon ang rebolusyong agraryo na pinamunuan natin mula pa noong 1927 dahil nakatutok ito hindi laban sa kapitalismo kundi laban sa imperyalismo at pyudalismo. Mananatiling totoo ito sa ating rebolusyon sa mahaba pang panahon.

Sa batayan, ang mga manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod pa rin ang mga pwersang pampakilos ng rebolusyon, pero ngayo'y maaaring kabilang pati na ang pambansang burgesya.

Magaganap sa bandang huli ang pagbabago sa rebolusyon. Sa hinaharap di maiiwasang matransporma ang demokratikong rebolusyon sa isang sosyalistang rebolusyon. Kung kailan mangyayari ang transisyon, nakabatay iyon sa pag-iral ng kinakailangang mga kundisyon at maaaring gumugol ito ng mahaba-habang panahon. Dapat huwag nating ipangalandakan ang transisyon hanggat hindi umiiral ang lahat ng kinakailangang kundisyon sa pulitika at ekonomya at hanggat hindi kapaki-pakinabang ito at hindi nakakapinsala sa napakalaking mayorya ng mamamayan sa Buong Tsina. Maling magduda sa usaping ito at umasang mangyayari agad ang transisyon, tulad ng ginawa ng ilan nating kasama nang ipagpilitan nila na magsisimula ang transisyon sa rebolusyon sa sandaling magsimulang manalo ang demokratikong rebolusyon sa mga susing probinsya. Ginawa nila ito dahil sa usapin ng pulitika at ekonomya'y hindi nila naunawaan kung anong tipo ng bayan ang Tsina sa pulitika at ekonomya, at di naintindihan na kumpara sa Rusya, mas mahihirapan ang Tsina at mangangailangan ng mas maraming panahon at pagsisikap para matapos ang kanyang demokratikong rebolusyon sa pulitika at ekonomya.

## SUPORTANG INTERNASYUNAL

Bilang pagtatapos, kailangan ang isang paliwanag tungkol sa relasyon ng rebolusyong Tsino at rebolusyong pandaigdig.

Mula nang lumitaw ang halimaw na imperyalismo, naging napakahigpit ng pagkakaugnay-ugnay ng mga usapin sa daigdig kaya't imposibleng paghiwa-hiwalayin ang mga ito. Tayong mga Tsino ay may diwang lumaban sa kaaway hanggang sa huling patak ng ating dugo, may determinasyong bawiin ang ating nawalang teritoryo sa pamamagitan ng sariling pagsisikap, at may kakayahang tumayo sa sariling paa sa loob ng pamilya ng mga bansa. Pero hindi ito nangangahulugan na hindi natin kailangan ang suportang internasyunal; mali, ngayo'y kailangan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng anumang bansa o bayan ang suportang internasyunal. May lumang kasabihan na, "Walang makatarungang digma sa Panahon ng Tagsibol at Taglagas".[32] Mas totoo pa nga ito sa imperyalismo ngayon dahil ang mga inaaping bayan at mga inaaping uri lamang ang makapagsusulong ng makatarungang digma. Makatarungang mga pakikibaka ang lahat ng digma saan mang sulok ng daigdig kung saan nag-aalsa ang mga mamamayan para labanan ang mga nang-aapi sa kanila. Makatarungang digma ang Rebolusyong Pebrero at Oktubre sa Rusya. Makatarungang mga pakikibaka ang mga rebolusyon ng mamamayan sa iba't ibang bayan sa Europa pagkaraan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Sa Tsina, ang Digma Laban sa Opyo[33], ang Digma ng Banal na Kahariang Taiping[34], ang Digmang Yi Ho Tuan[35], ang Rebolusyonaryong Digma ng 1911[36], ang Ekspedisyon sa Hilaga ng 1926-27, ang Rebolusyonaryong Agraryong Digma mula 1927 hanggang sa kasalukuyan at ang umiiral na paglaban sa Japan at mga pagpaparusa sa mga traydor – ang lahat ng ito ay makatarungang digma. Ngayon, sa papalakas na unos ng pambansang pakikibaka laban sa Japan at ng pandaigdigang pakikibaka laban sa pasismo, lalaganap sa buong Tsina at sa buong mundo ang

makatarungang digma. Nagsusuportahan ang lahat ng makatarungang digma, samantalang dapat gawing makatarungan digma ang lahat ng di makatarungang digma – ito ang linyang Leninista[37]. Kailangan ng ating digma laban sa Japan ang suporta ng mga mamamayan sa buong daigdig, at higit sa lahat ang suporta ng mga mamamayan ng Unyong Sobyet na siguradong ibibigay nila sa atin dahil tayo at sila'y magkabuklod sa iisang mithiin. Noong nakaraan, pansamantalang ihiniwalay ni Chiang Kai-shek ang mga rebolusyonaryong pwersang Tsino sa mga rebolusyonaryong pwersa ng daigdig, at sa pakahulugang ito, nahiwalay tayo. Ngayo'y nagbago na ang sitwasyon at naging bentahe sa atin. Mula ngayon, patuloy itong magbabago at magiging bentahe sa atin. Hindi na tayo maaaring ihiwalay. Nagdudulot ito ng kinakailangang kundisyon para magtagumpay ang Tsina sa digma laban sa Japan at para magtagumpay sa rebolusyong Tsino.

## MGA TALA

[1]Noong Enero 18, 1915, ihinarap ng mga imperyalistang Hapones ang Dalawampu't isang Kahilingan sa gubyernog Yuan Shih-kai. Noong Mayo 7, binigyan sila ng ultimatum na sagutin ito sa loob ng 48 oras. Nahahati sa limang bahagi ang mga kahilingan. Ang unang apat na bahagi ay naglalaman ng sumusunod: ilipat sa Japan ang mga karapatang naagaw ng Germany sa Shantung at bigyan ang Japan ng karagdagang karapatan sa probinsya; bigyan ng karapatan ang mga Hapones na umupa o magmay-ari ng lupa sa timog Manchuria at silangang Mongolia, at manirahan at mamuhunan sa industriya at komersyo at magkaroon ng eksklusibong karapatan sa pagtatayo ng riles ng tren at pagmimina doon; reorganisahin ang Han-Yeh Ping Iron and Steel Company bilang magkasosyong empresang Sino-Hapones; at huwag paupahan o isuko ng Tsina sa alimang bansa ang alinmang daungan o isla sa kahabaan ng baybayin ng Tsina. Laman ng ikalimang bahagi ang mga kahilingan na dapat kontrolin ng Japan ang mga usapin sa pulitika, pinansya, militar at pulisya ng Tsina at dapat itayo ang mahahalagang linya ng riles ng tren na mag-uugnay sa mga probinsya ng Hupeh, Kiangsi at Kwantung. Sinang-ayunan ni Yuan Shih-kai ang lahat ng hinihingi bukod iyong nasa ikalimang bahagi kung saan nanghingi siya ng "dagdag na negosasyon". Salamat sa lubos na pagtutol ng mamamayang Tsino, bigo ang Japan na maipatupad ang kanyang mga hinihingi.

[2]Si Yuan Shih-kai ang pinuno ng mga *warlord* sa Hilaga noong huling mga taon ng dinastiyang Ching. Pagkaraang maibagsak ng Rebolusyon ng 1911 ang Dinastiyang Ching, inagaw niya ang pagkapresidente ng Republika at inorganisa ang unang gubyerno ng mga *warlord* sa Hilaga na kumakatawan sa uring malalaking panginoong maylupa at malalaking kumprador. Nagawa niya ito sa pamamagitan ng pag-asa sa kontra-rebolusyonaryong armadong pwersa at sa suporta ng mga imperyalista at sa pamamagitan ng pagsasamantala sa pagiging mapagkasundo ng burgesyang noo'y namumuno sa rebolusyon. Noong 1915, gusto niyang maging emperador, at para makuha ang suporta ng mga imperyalistang Hapones ay sinang-ayunan niya ang Dalawampu't Isang Kahilingan kung saan pinuntirya ng Japan na solong kontrolin ang buong Tsina. Noong Disyembre ng taon ding iyon, naganap ang isang pag-aalsa laban sa kanyang pag-upo sa trono sa Probinsya ng Yunnan na agad tinugunan at sinuportahan ng buong bayan. Namatay si Yuan Shih-kai sa Beijing noong Hunyo 1916.

[3]Noong Nobyembre 1921, pinulong ng gubyernong US sa Washington ang Kumperensya ng Siyam na Kapangyarihan; inimbita ang Tsina, Britain, France, Italy, Belgium, Netherlands, Portugal at Japan. Ito'y labanan ng United States at Japan para sa hegemonya sa Dulong Silangan. Noong Pebrero 6, 1922, pinagtibay ang isang kasunduan ng siyam na kapangyarihan batay sa prinsipyong isinulong ng United States na "pagiging bukas" o "pantay na oportunidad para sa lahat ng bansa sa Tsina". Layunin ng tratadong ito na lumikha ng isang sitwasyong magkakasamang kinokontrol ng mga imperyalistang kapangyarihan ang Tsina, at sa katunaya'y hinawan ang daan para sa eksklusibong dominasyon ng imperyalistang US, na naglalayong biguin ang mga plano ng Japan para sa eksklusibong dominasyon.

[4]Ang Shenyang ay sinakop ng "Hukbong Kwantung" na Hapones sa hilagang-silangang Tsina noong Setyembre 18, 1931. Sa atas ni Chiang Kai-shek na "absolutong huwag lumaban", umatras sa timog ng Shanhaikuan ang mga tropang Tsino sa Shenyang at sa iba pang lugar sa Hilagang-silangan ang Hukbong Hilagang-silangan, kaya't mabilisang naokupa ng mga pwersang Hapones ang mga probinsya ng Liaoning, Kirin at Heilungkiang. Ang aksyong ito ng agresyong Hapones ay nakilala bilang Insidente ng Ika-18 ng Setyembre.

[5]Ang "apat na probinsya sa hilagang-silangan" noon ay Liaoning, Kirin, Heilungkiang at Jehol na sa kasalukuya'y mga probinsya ng Liaoning, Kirin at Heilungkiang, ang hilagang-silangang bahagi ng Awtonomong Rehiyon ng Inner Mongolia. Pagkaraan ng Insidente ng Ika-18 ng Setyembre, inokupa ng mga mananakop na Hapones ang Liaoning, Kirin at Heilungkiang at sa bandang huli'y sinakop ang Jehol noong 1933.

[6]Sa panunulsol ng mga Hapones, itinatatag noong Nobyembre 25, 1935 ang isang papet na rehimeng tinawag na "Awtonomong Administrasyong Anti-Komunista ng Silangang Hopei" sa 21 bayan sa silangang Hopei sa pamamagitan ng traydor na Kuomintang na si Yin Ju-keng. Nakilala itong "Insidente ng Silangang Hopei".

[7]Tinalakay sa usapang diplomatiko sa pagitan ng gubyernong Chiang Kai-shek at ng gubyernong Hapones ang diumano'y "Tatlong Prinsipyo ni Hirota", hal., ang "Tatlong Prinsipyo ng Pakikitungo sa Tsina" na isinulong ng Ministrong Panlabas ng Japan na si Hirota, ang (1) pagsupil ng Tsina sa lahat ng kilusang anti-Hapones; (2) pagbubuo ng kooperasyon sa ekonomya sa pagitan ng Tsina, Japan at "Manchukuo"; at (3) magkatulong na depensa ng Tsina at Japan laban sa komunismo. Noong Enero 21, 1936, sinabi ni Hirota sa *Diet* na ang gubyernong Tsino ay "sumang-ayon na sa tatlong prinsipyong iminungkahi ng Imperyo".

[8]Noong 1935, nasaksihan sa buong bayan ang bagong pagbugso ng popular na kilusang makabayan. Nagdaos ng isang makabayang demonstrasyon ang mga estudyante sa Peking sa pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina noong Disyembre 9 na nagsusulong ng mga islogan tulad ng "Itigil ang gerang sibil at magkaisa laban sa dayuhang agresyon" at "ibagsak ang imperyalismong Hapones". Binasag ng kilusang ito ang mahabang paghahari ng terorismong ipinataw ng gubyernong Guomindang na kakutsaba ng mga mananakop na Hapones at napakabilis nitong nakuha ang suporta ng mamamayan sa buong bayan. Nakilala itong "Kilusang Disyembre Nuwebe". Ang resulta ay nasaksihan sa ugnayan sa hanay ng iba't ibang uri sa bayan ang bagong mga pagbabago at naging hayag na patakarang itinaguyod ng lahat ng makabayang mamamayan ang Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapones na iminungkahi ng Partido Komunista ng Tsina. Nahiwalay nang husto ang gubyernong Chiang Kai-shek dahil sa mga traydor na patakaran nito.

[9]Noong inuulat ito, pagkaraang ipagkanulo ni Chiang Kai-shek sa Japan ang Hilagang-silangan, ipinagkanulo naman niya ang hilagang Tsina habang patuloy niyang nilalabanan ang Pulang Hukbo. Sa gayo'y kumilos nang husto ang Partido Komunista ng Tsina para ilantad siya bilang isang traydor at natural lamang na hindi siya isinama sa Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapones na iminungkahi ng Partido. Pero sa ulat na ito nabanggit na ni Kasamang Mao Zedong ang posibilidad ng pagkakawatak-watak ng kampo ng mga uring panginoong maylupa at kumprador na Tsino bilang resulta ng mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan. At ang pagsalakay ng Japan sa hilagang Tsina sa bandang huli ay humantong nga sa malulubhang banggaan ng interes sa pagitan ng imperyalismong Hapones at imperyalismong Anglo-Amerikano. Dahil sa malapit na ugnayan ng pangkating Chiang Kai-shek sa mga interes ng imperyalismong Anglo-Amerikano, iginiit ng Partido Komunista ng Tsina na maaaring baguhin ang aktitud nito sa Japan sa utos ng mga amo nito at sa gayo'y itinaguyod ng Partido Komunista ng Tsina ang patakarang obligahin si Chiang Kai-shek na labanan ang Japan. Nang bumalik ang Pulang Hukbo sa hilagang Shansi noong Mayo 1936, tuwirang umapila ito sa gubyernong Guomindang ng Nanking para wakasan ang gerang sibil at para nagkakaisang labanan ang Japan. Noong Agosto ng taon ding iyon, sumulat ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina sa Sentrong Komiteng Tagapagpaganap ng Guomindang na nananawagang buuin ang isang bi-partisan na nagkakaisang prente laban sa Japan at idaos ang negosasyon sa pagitan ng mga kinatawan ng dalawang partido. Gayunman, tinanggihan ni Chiang Kai-shek ang mga mungkahing ito. Noon lamang Disyembre 1936, nang idetini si Chiang kai-shek sa Sian ng mga upisyal ng hukbong Guomindang na pabor sa pakikipag-alyansa sa mga komunista laban sa Japan, napilitan siyang tanggapin ang iginigiit ng Partido Komunista na wakasan ang gerang sibil at labanan ang Japan.

[10]Si Tsai Ting-kai ay pangalawang kumander ng Ika-19 na Ruta ng Hukbo ng Guomindang at kumander ng isa sa mga kwerpo nito, sina Chen Ming-shu at Chiang Kuang-nai ang dalawang iba pang pinuno. Ang hukbong ito na lumaban sa Pulang Hukbo sa Kiangsi ay inilipat sa Shanghai pagkaraan ng Insidente ng Setyembre 18. Nagkaroon ng matinding epekto sa Hukbo ng Ika-19 na Ruta ang lumalakas na pagdaluyong ng pagiging anti-Hapones ng mga mamamayan sa Shanghai at sa buong bayan. Nang sumalakay ang mga marinong Hapones sa Shanghai noong gabi ng Enero 28, 1932, magkatulong na lumaban ang Hukbo at ang mga mamamayan ng Shanghai. Gayunman, natalo sa labanan dahil sa katrayduran nina Chiang kai-shek at Wang Ching-wei. Pagkaraan nito, sa utos ni Chiang, inilipat ang Hukbo ng Ika-19 na Ruta sa Fukien para

muling labanan ang Pulang Hukbo. Pero unti-unting natanto ng mga pinuno ng Pulang Hukbo ang kawalang saysay ng ganoong labanan. Noong Nobyembre 1933, sa pakikipag-alyansa nila sa mga pwersa ng Guomindang sa pamumuno nina Li Chi-shen at iba pa, lantaran nilang itinakwil si Chiang Kai-shek, itinatag ang "Rebolusyonaryong Gubyernong Bayan ng Republika ng Tsina" sa Fukien at nakipagkasundo sila sa Pulang Hukbo para labanan ang Japan at si Chiang Kai-shek. Bumagsak ang Hukbo ng Ika-19 na Ruta at ang Gubyernong bayan ng Fukien dahil sa mga pagsalakay ng mga tropa ni Chiang. Mula noon, unti-unting nakipagkooperasyon sina Tsai Ting-kai at iba pa sa Partido Komunista.

[11]Si Feng Yu-shiang, kasama ang kanyang mga pwersang pinamumunuan sa Probinsya ng Suiyan, ay nagpahayag ng pagtiwalag sa pangkat ng mga *warlord* sa Hilaga at lumahok sa rebolusyon nang makarating sa Wuhan ang rebolusyonaryong Hukbo ng Ekspedisyon Pahilaga noong Setyembre 1926. Noong maagang bahagi ng 1927, sa pakikipagkoordinasyon sa Hukbo ng Ekspedisyon Pahilaga, kumilos ang kanyang tropa mula sa Shensi para salalayin ang Probinsya ng Honan. Kahit pa nga lumahok si Feng sa anti-Komunistang mga aktibidad pagkaraan ng pagtataksil nina Chiang Kai-shek at Wang Ching-wei sa rebolusyon noong 1927, laging may banggaan ng interes sa pagitan niya at ng pangkating Chiang Kai-shek. Pagkaraang sakupin ng Japan ang Tsina noong Setyembre 18, 1931, pinaburan ni Feng ang paglaban at noong Mayo 1933, nakipagkooperasyon siya sa Partido Komunista sa pagbubuo ng Alyadong Hukbong Anti-Hapones ng bayan sa Changchiakou. Nawalan ng saysay ang kanyang pagsisikap noong Agosto dahil sa panggigipit ng mga pwersa ni Chiang Kai-shek at ng mga mananakop na Hapones. Sa huling mga taon ni Feng, patuloy siyang nakipagkooperasyon sa Partido Komunista.

[12]Naganap ang isang pag-aalsa sa Ningtu, Kiangsi noong Disyembre 1931 sa loob ng Hukbo ng Ika-26 na Ruta ng Guomindang na ipinadala ni Chiang Kai-shek para salakayin ang Pulang Hukbo sa Probinsya ng Kiangsi. Sa pamumuno nina Kasamang Chao Po-sheng at Tung Chen-tang, nag-alsa ang mahigit sampung libong upisyal at tauhan at sumama sa Pulang Hukbo bilang tugon sa panawagan ng Komunista na labanan ang Japan.

[13]Si Ma Chan-shan ay isang upisyal ng Hukbong Guomindang sa Hilagang-silangan na ang tropa'y nakahimpil sa Heilungkiang. Nilabanan niya at ng kanyang mga tauhan ang mga mananakop na Hapones na dumaan sa Liaoning papasok ng Heilungkiang pagkatapos ng Insidente ng Setyembre 18.

[14]Si Hu Han-min, isang bantog na pulitikong Kuomintang, ay sumasalungat sa patakaran ni Dr. Sun Yat-sen na pakikipagtulungan sa Partido Komunista ng Tsina at kasabwat ni Chiang Kai-shek sa kontra-rebolusyonaryong kudeta noong Abril 12,1927. Sa kalauna'y kumalas siya kay Chiang sa isang agawan ng kapangyarihan at idinitini siya nito. Nang lumaya siya pagkatapos ng Insidente ng Setyembre 18, umalis siya sa Nanking patungong Canton kung saan sa ilang panaho'y sinulsulan niya ang mga *warlord* ng Kwangtung at Kiangsi na labanan ang gubyerno ni Chiang Kai-shek sa Nanking.

[15]Ang Anim-na-Puntong Programa para sa Paglaban sa Japan at Pagliligtas sa Bansa ay ang "Saligang Programa ng Sambayanang Tsino para labanan ang Japan" na iminungkahi ng Partido Komunista ng Tsina noong 1934 at inilathala na nakapirma sina Soong Ching-ling (Gng. Sun Yat-sen) at iba pa. Ang programa'y binubuo ng sumusunod na mga punto: (1) pagmomobilisa sa lahat ng pwersang pandagat, panlupa at panghimpapawid para labanan ang Japan; (2) pagmomobilisa sa mga mamamayan sa buong bayan; (3) pag-aarmas sa lahat ng mamamayan; (4) pagkukumpiska sa propyedad ng mga imperyalistang Hapones sa Tsina at ng mga traydor para gugulin sa gastusin ng gera; (5) pagbubuo ng komite para sa pambansang depensa sa buong Tsina na iboboto ng mga kinatawan ng mga manggagawa, magsasaka, sundalo, estudyante at negosyante; at (6) pagbubuo ng alyansa ng lahat ng pwersang laban sa mga imperyalistang Hapones at pagtatatag ng ugnayang mapagkaibigan sa lahat ng bayang nagtataguyod ng mapagkaibigang nyutralidad.

[16]Ang mga *warlord* na ito ay sina Chen Chi-tang ng Kwangtung at Li Tsung-jen at Pai Chung-hsi ng Kwangsi.

[17]Inilarawan ng gang ng mga bandido ni Chiang Kai-shek ang rebolusyonaryong sambayanan bilang mga "bandido" at ang kanilang mga pagsalakay at pagmasaker sa rebolusyonaryong sambayanan bilang "pagsupil sa bandido".

[18]Si Kasamang Jen Pi-shih ay isang beteranong kasapi ng Partido Komunista ng Tsina at isa sa naunang mga organisador nito. Naging myembro siya ng Komite Sentral ng Partido mula noong Ikalimang Pambansang Kongreso ng 1927 hanggang sa sumunod na mga taon. Nahalal siya sa Kawanihang Pampulitika noong Ikaapat na Plenum ng Ikaanim na Komite Sentral ng 1931. Noong 1933, naging kalihim siya ng Komiteng Pamprobinsya ng Partido sa Hangganang Erya ng Hunan-Kiangsi at kasabay nito'y naging

pampulitikang komisar ng Ikaanim na Grupo ng Hukbo ng Pulang Hukbo. Nang magsanib ang mga pwersa ng Ikaanim at Ikalawang Grupo ng Hukbo at mabuo ang Ikalawang Larangan ng Hukbo, itinalaga siyang pampulitikang komisar nito. Naging Direktor siya ng Pangkalahatang Kagawarang Pampulitika ng Ikawalong Ruta ng Hukbo noong unang mga taon ng Gera ng Pagtatanggol. Noong 1940, naging myembro siya ng Kalihiman ng Komite Sentral ng Partido. Sa Unang Plenum ng Ikapitong Komite Sentral noong 1945, muli siyang nahalal na myembro ng Kawanihang Pampulitika at ng Kalihiman. Namatay si Kasamang Jen Pi-shih sa Beijing noong 1950.

[19]Ang Ikaanim na Grupo ng Hukbo ng Pulang Hukbo ng mga Manggagawa't Magsasakang Tsino na dati'y nakahimpil sa hangganang erya ng Hunan-Kiangsi ay nakalusot sa pagkubkob ng kaaway at lumipat ng pusisyon noong agosto 1934 sa atas ng Komite Sentral ng Partido. Noong Oktubre, sumanib ito sa Ikalawang Grupo ng Hukbo na pinamunuan ni Kasamang Ho Lung sa silangang Kweichow at magkasanib nilang binuo ang Ikalawang Larangan ng Hukbo ng Pulang Hukbo at itinayo ang rebolusyonaryong baseng erya sa Hunan-Hupeh-Szechuan-Kweichow.

[20]Noong Oktubre 1934, ang Una, Ikatlo at Ikalimang Grupo ng Hukbo ng Pulang Hukbo ng mga Manggagawa't Magsasakang Tsino, iyon ang Unang Larangan ng Hukbo ng Pulang Hukbo na kilala rin bilang Sentrong Pulang Hukbo, ay nagmartsa mula sa Changting at Ninghua sa kanlurang Fukien at mula sa Juichin, Yutu at iba pang lugar sa timog Kiangsi, at nag-umpisa ng isang mayor na estratehikong kilusan. Sa pagbagtas ng Pulang Hukbo sa 11 probinsya ng Fukien, Kiangsi, Kwangtung, Hunan, Kwangsi, Kweichow, Szechuan, Yunnan, Sikang, Kansu at Shensi, tinawid nila ang mga kabundukang lagi nang nababalutan ng nyebe at mga kaparangang walang dasdas, sinuong ang walang katulad na hirap at binigo ang paulit-ulit na mga pagkubkob, pagtugis, panggugulo at panghaharang ng kaaway. Sa pagbagtas na ito'y nalakbay ng Pulang Hukbo ang 25,000 *li* (12,500 kilometro) at sa kalauna'y matagumpay na nakarating sa rebolusyonaryong baseng erya sa hilagang Shensi noong Oktubre 1935.

[21]Ang Pulang Hukbong nasa hangganang erya ng Szechuan-Shensi ang Ikaapat na Larangan ng Hukbo ng Pulang Hukbo ng mga Manggagawa't Magsasakang Tsino. Noong Marso 1935, lumipat ito ng base mula sa hangganang erya ng Szechuan-Shensi patungo sa mga hangganan ng mga Probinsya ng Szechuan at Sikang. Noong Hunyo, sumanib ito sa Unang Larangan ng Hukbo sa Maokong sa kanlurang Szechuan at umabante patungong hilaga sa pamamagitan ng dalawang ruta, isang kanan at isang kaliwa. Pero pagdating sa erya ng Manernkai kalapit ng Sungpan noong Setyembre, idinaan ni Chang Kuo-tao, pinuno ng Ikaapat na Larangan ng Hukbo, ang tropa sa kaliwang ruta sa direksyong patimog bilang pagsuway sa mga atas ng Komite Sentral kaya naantala ang Pulang Hukbo. Ang Ikalawang Larangan ng Hukbo na nakaligtas sa pagsalakay ng kaaway at umalis sa hangganang erya ng Hunan-Hupeh-Szechuan- Kweichow ay nakarating sa Kantze, Probinsya ng Sikang noong Hunyo 1936 sa pamamagitan ng pagbagtas sa Hunan, Kweichow at Yunnan at doo'y sumanib sa Ikaapat na Larangan ng Hukbo. Sa pagsuway sa kagustuhan ni Chang Kuo-tao, ipinagpatuloy ng mga kasama sa Ikaapat na Larangan ng Hukbo ang paglipat sa hilaga kasama ng Ikalawang Larangan ng Hukbo. Noong Oktubre, ang buong Ikalawang Larangan ng Hukbo at isang bahagi ng Ikaapat na Larangan ng Hukbo ay dumating sa hilagang Shensi at matagumpay na sumanib sa Unang Larangan ng Hukbo.

[22]Si Chang Kuo-tao ay isang taksil sa rebolusyong Tsino. Sa pakikipagsapalaran sa rebolusyon, sumapi siya sa Partido Komunista ng Tsina noong kabataan niya. Sa loob ng Partido'y marami siyang nagawang pagkakamali na humantong sa paggawa ng malalalang krimen. Ang pinakabantog dito'y ang pagtutol niya sa pagmamartsa ng Pulang Hukbo pahilaga noong 1935, pagtataguyod ng isang talunan at likidasyunistang pag-atras ng Pulang Hukbo sa mga erya ng minoryang nasyunalidad sa hangganan ng Szechuan-Sikang at lantarang pagsasagawa ng traydor na mga aktibidad laban sa Partido at sa Komite Sentral, pagtatag ng sariling huwad na komite sentral, panggugulo sa pagkakaisa ng Partido at ng Pulang Hukbo at pagdudulot ng malalaking pagkatalo sa kanyang Ikaapat na Larangan ng Hukbo. Salamat sa matiyagang pagtuturo ni Kasamang Mao Zedong at ng Komite Sentral, agad na nagbalik-loob ang Ikaapat na Larangan ng Hukbo at ang napakaraming kadre nito sa wastong pamumuno ng Komite Sentral at gumanap ng magiting na papel sa sumunod na mga pakikibaka. Gayunman, si Chang Kuo-tao na ayaw magwawasto, ay tumakas nang nag-iisa mula sa Hangganang Rehiyon ng Shensi-Ningsia noong tagsibol ng 1938 at sumapi sa lihim na pulisya ng Guomindang.

[23]Ang Pulang Hukbo ng Sentro o Unang Larangan ng Hukbo ay tumutukoy sa Pulang Hukbo na binuo sa erya ng Kiangsi-Fukien na tuwirang nasa pamumuno ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina.

[24]Si Pan Ku, ayon sa mitolohiyang Tsino, ang lumikha sa daigdig at ang unang pinuno ng sangkatauhan. Ang Tatlong Hari at Limang Emperador ay ang tradisyunal na pinuno noong sinaunang Tsina.

[25]Noong Hulyo 1935, sinimulan ng mga tropa ng Guomindang ang kanilang ikatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" laban sa rebolusyonaryong baseng erya ng Shensi-Kansu. Winasak ng Ika-26 na Kwerpo ng Hukbo ng Pulang Hukbo sa Hilagang Shensi ang dalawang brigada ng kaaway na nasa silangang sektor at pinaatras ang kaaway sa silangang sektor ng *Yellow River*. Noong Setyembre, ang Ika-25 Kwerpo ng Hukbo ng Pulang Hukbo na kumikilos sa baseng erya ng Hupeh-Honan-Anhwei ay sumanib sa Pulang Hukbo ng Hilagang Shensi pagkarating sa hilagang Shensi sa pamamagitan ng pagbagtas sa timog Shensi at silangang Kansu at magkasanib nilang binuo ang Ika-13 Grupo ng Hukbo ng Pulang Hukbo. Sa kampanya sa Kanchuan-Laoshan, halos malipol ng grupo ng hukbong ito ang Ika-110 Dibisyon, napatay ang kumander ng dibisyon at sa sumunod na pangyayari'y winasak ang apat na batalyon ng Ika-107 Dibisyon ng kaaway sa Yulinchiao, Baryo ng Kanchuan. Muling nagplano ng mga bagong pagsalakay ang kaaway at itinalagang kumander ng limang dibisyon si Tung Ying-pin (isang kumander ng kwerpo ng hukbo ng Hilagang-silangang Hukbo) na nagpakana ng isang pagsalakay na magmumula sa dalawang ruta; ang dibisyon sa silangang ruta ay nagpahilaga sa pamamagitan ng pagbagtas sa Lochuan at Fuhsien at ang apat na dibisyon sa kanlurang ruta ay nagdaan sa kahabaan ng Ilog Hulu patungong Fuhsien, hilagang Shensi sa pamamagitan ng pagdaan/ pagbagtas sa Chingyang at Hoshui sa Kansu. Nang sumapit ang Oktubre, narating ng Pulang Hukbo ng Sentro ang hilagang Shensi. Nang sumunod na buwa'y magkasamang nilipol ng Pulang Hukbo ng Sentro at ng Ika-15 Grupo ng Hukbo ang Ika-109 Dibisyon ng kaaway sa Chihlochen, timog ng Fuhsien at sa pagpapatuloy ng pagsalakay ay pinawi ang isang rehimento ng Ika-106 Dibisyon ng kaaway sa Heishisze. Sa gayo'y lubos na nawasak ang ikatlong kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" laban sa hangganang erya ng Shensi-Kansu.

[26]Nang lumipat ng pusisyon ang pangunahing mga pwersa ng Pulang Hukbo noong 1934-35, nag-iwan sila ng ilang yunit na kikilos bilang mga gerilya. Sinaklaw ng mga yunit gerilyang ito ang sumusunod na 14 na baseng erya sa walong probinsya: katimugang Chekiang, hilagang Fukien, silangang Fukien, katimugang Fukien, kanlurang Fukien, hilagang-silangang Kiangsi, hangganang Fukien-Kiangsi, hangganang Kwangtung-Kiangsi, katimugang Hunan, hangganang Hunan-Kiangsi, hangganang Hunan-Hupeh-Kiangsi, hangganang Hupeh-Honan-Anhwei, Kabundukan ng Tungpai sa katimugang Honan at Isla ng Hainan katapat ng baybayin ng Kwangtung.

[27]Pagkaraang sakupin ng mga imperyalistang Hapones ang Hilagang-silangan noong 1931, nanawagan sa mamamayan ng armadong paglaban ang Partido Komunista ng Tsina. Ito'y nag-organisa ng mga yunit gerilyang anti-Hapones, nagbuo ng Rebolusyonaryong Hukbong Bayan ng Hilagang-silangan at tumulong sa iba't ibang pwersang boluntir para lumaban sa kaaway. Noong 1934, sa pamumuno ng Partido'y muling inorganisa ang lahat ng pwersang ito para buuin ang nagsosolong Nagkakaisang Hukbong Anti-Hapones ng Hilagang-silangan na pinamunuan ng magiting na Komunistang si Yang Ching-yu bilang Punong Kumander. Matagal ding isinulong ng hukbong ito ang anti-Hapones na digmang gerilya sa Hilagang-silangan. Ang binabanggit na anti-Hapones na digmang gerilya sa silangang Hopei ay ang pag-aalsa ng mga magsasaka doon laban sa Japan noong Mayo 1935.

[28]Ang binabanggit na rebolusyonaryong digma na pinamunuan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ay ang labanang nagsimula noong 1918 hanggang 1920 kung saan natalo ng mga mamamayang Sobyet ang armadong panghihimasok ng Britain, United States, France, Japan, Poland, atbp., at nasupil ang pag-aalsa ng mga Puting Gwardya.

[29]Ang pampulitikang kapangyarihan at mga patakaran ng isang republikang bayan na ipinaliwanag dito ni Kasamang Mao Zedong ay isinakatuparan sa mga Pinalayang Purok ng Sambayanan sa pamumuno ng Partido Komunista noong Digma ng Pagtatanggol. Iyon ang dahilan kaya sa likod ng mga linya ng kaaway ay napamunuan ng Partido ang sambayanan sa pagsusulong ng isang matagumpay na gera laban sa mga mananakop na Hapones. Pagkasuko ng Japan, sumiklab ang Ikatlong Rebolusyonaryong Gerang Sibil. Habang patuloy ang gera, unti-unting sinaklaw ng mga pinalayang purok ng sambayanan ang buong Tsina at sa paarang ito'y isinilang ang nagkakaisang Republikang Bayan ng Tsina. Sa gayo'y lubos na naisakatuparan sa buong bayan ang isang republikang bayan na mithiin ni Mao Zedong.

[30]Pinagtibay ng Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina na idinaos noong Hulyo 1928 ang sumusunod na Sampung Puntong Programa: (1) ibagsak ang imperyalistang paghahari; (2) kumpiskahin ang mga empresa at mga bangko ng mga dayuhang kapitalista; (3) pagkaisahin ang Tsina at

kilalanin ang karapatan ng mga nasyunalidad na magpasya-sa-sarili; (4) ibagsak ang gubyernong warlord ng Guomindang; (5) magtatag ng isang gubyerno ng mga konseho ng mga manggagawa, magsasaka at sundalo; (6) ipatupad ang walong oras bawat araw na pagtatarabaho, itaas ang sahod at itatag ang pantulong sa kawalang trabaho at panlipunang seguridad; (7) kumpiskahin ang mga lupain ng lahat ng panginoong maylupa at ipamahagi sa mga magsasaka; (8) paunlarin ang pamumuhay ng mga sundalo, bigyan ng lupa at trabaho ang mga dating sundalo; (9) ipawalambisa ang lahat ng napakataas na buwis at sari-saring pagpapataw ng buwis at itaguyod ang isang konsolidado't progresibong pagpapataw ng buwis at (10) makipagkaisa sa pandaigdigang proletaryado, makipagkaisa sa Unyong Sobyet.

[31]Ang grupong Trotskyista na noong una'y isang anti-Leninistang paksyon sa kilusan ng uring manggagawang Ruso na sa bandang huli'y naging isang tuwirang kontra-rebolusyonaryong gang. Sa ulat ni Kasamang Stalin sa plenum ng Komite Sentral ng CPSU (B) noong 1937, ipinaliwanag niya ang landas na tinahak ng grupong ito ng mga taksil sa sumusunod:

Sa nakaraang pito o walong taon, ang Trotskyismo ay isa sa mga tunguhing pampulitikang iyon sa hanay ng uring manggagawa, isang ngang anti-Leninistang tunguhin at kung gayo'y maling-mali, pero magkagayunma'y isa ring tunguhing pampulitika…. Ang umiiral na Trotskyismo ay hindi isang tunguhing pampulitika sa loob ng uring manggagawa kundi isang gang ng mga walang prinsipyo't walang mga ideya na nangwawasak at nanlilinlang, mga ahente ng ahensya ng paniktik, mga espiya, mamamatay-tao, isang gang ng masugid na mga kaaway ng uring manggagawa, na nagtatrabahong bayaran ng mga ahensya ng paniktik ng mga dayuhang estado.

Pagkaraang mabigo ang rebolusyong Tsino noong 1927, lumitaw rin sa Tsina ang maliit na bilang ng Trotskyista. Nakigrupo sila kina Chen Tu-hsiu at sa iba pang mga taksil, nagbuo ng isang maliit na kontra-rebolusyonaryong pangkatin noong 1929 at nagpalaganap ng ganoong kontra-rebolusyonaryong propaganda na nakumpleto na ng Guomindang ang burges-demokratikong rebolusyon; at sila'y naging mga pusakal na kasangkapan ng imperyalista at Guomindang laban sa mamamayan. Walang kahihiyang sumapi ang mga Trotskyistang Tsino sa ahensya ng paniktik ng Guomindang. Pagkaraan ng Insidente ng Setyembre 18, para maisakatuparan ang atas ng kriminal na taksil na si Trotsky na "huwag hadlangan ang pananakop ng imperyong Japan sa Tsina", nagsimula silang makipagkolaborasyon sa lihim na mga ahenteng Hapones, tumanggap ng tulong na pinansyal sa mga Hapones at lumahok sa lahat ng tipo ng aktibidad na nagpapabilis sa agresyong Hapones.

[32]Ang kasabihang ito ay nagmula kay Mencius. Noong Panahon ng Tagsibol at Taglagas (722-481 BC), nasambit ni Mencius ang kasabihang ito dahil noong panahong iyo'y tuluy-tuloy ang labanan ng mga prinsipe ng pyudal na Tsina para sa kapangyarihan.

[33]Dahil tinutulan ng mamamayang Tsino na magkalakal ng opyo ang Britain, noong 1840-42 ay nagpadala ito ng mga pwersa para sakupin ang Kwangtung at iba pang rehiyong nasa baybayin ng Tsina sa pagkukunwaring pinangangalagaan ang kalakalan. Sa pamumuno ni lin Tse-hsu, lumaban sa isang gera ng pagtatanggol ang mga tropa sa Kwangtung. Nagbigay din ng matitinding bira ang panawagang "Hadlangan-ang-mga-Kwerpo-ng-Britain" na ispontanyong inorganisa ng mamamayan ng Canton.

[34]Ang Gera ng Banal na Kahariang Taiping ay isang rebolusyonaryong gera ng magsasaka noong kalagitnaan ng Ika-19 na siglo laban sa pyudal na paghahari at pambansang pang-aapi ng Dinastiyang Ching. Noong Enero 1851, sina Hung Hsiu-chuan, Yang Hsiu-ching at iba pang lider ng rebolusyong ito ay nag-alsa sa Sityo ng Chintien, Baryo Kueping sa Kwangsi at ipinroklama ang pagtatatag ng Banal na Kahariang Taiping. Noong 1852, ang hukbo ng mga magsasaka, na sumulong pahilaga mula sa Kiangsi, ay nagmartsa patungong Hunan, hupeh, Kiangsi at Anhwei; at noong 1853, ay sinakop/naagaw ang Nanking, ang pangunahing lunsod sa ibaba ng Yangtse. Patuloy na nagpahilaga ang isang bahagi ng pwersa at tumulak sa bakuran/loob ng Tientsin. Gayunman, nabigong makapagtayo ang hukbong Taiping ng matatatag na baseng purok sa mga lugar na naokupa nila, at gayon din, pagkaraang itatag ang pangunahing lunsod nito sa Nanking, nakagawa ng maraming pagkakamaling pampulitika at pangmilitar ang namumunong grupo ng hukbo kaya hindi nito napanghawakan ang magkasamang pagsalakay ng mga pwersang kontra-rebolusyonaryo ng gubyernong Ching at ng mga pwersang agresor ng Britain, US at France at sa bandang huli'y natalo ito noong 1864.

[35]Ang Digmang Yi Ho ay ang malawakan at ispontanyong kilusan ng mga magsasaka at mga manggagawa sa handikrap sa hilagang Tsina noong 1900. Sa pagbubuo nila mismo ng mahiwaga't lihim na mga organisasyon, isinulong ng mga magsasaka't manggagawa sa handikrap ang armadong pakikibaka laban sa

mga imperyalista. Pero nasupil ang kilusan ng di mailarawang kalupitan at inokupa ang Peking at Tientsin ng magkakasamang pwersa ng walong imperyalistang kapangyarihan.

[36]Para sa Rebolusyon ng 1911, tingnan ang "Ulat hinggil sa Imbestigasyon ng Kilusang Magsasaka sa Hunan", Tala 3, p. 56 ng tomong ito.

[37]Tingnan ang V. I. Lenin, "Ang Programa sa Gera ng Proletaryong Rebolusyon", Mga Tinipong Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Tomo XXIII. Tingnan din ang Kasaysayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (Mga Bolshevik), Maikling Kurso, Kabanata 6, Seksyon 3.